# BARANGAY HISTORY

Ang nayon ng Tabacao ang pinakamalaki at pinakamaunlad na nayon ng dating Hasyenda de Leon at matatagpuan sa pinakapuso ng mahigit na dalawang libong ektaryang sakahan ng Hasyenda. Binubuo ng dating mga magsasakang nakikisama ang mga taga – Tabacao ay makapagmamalaki sapagkat ang mga lupang kanilang sinasaka ay sarili na nila ngayon pagkaraang yaon ay bilhin ng pamahalaan ang nasabing hasyenda ay pinamudmod sa mga magsasakang nakaposisyon.

Ang nayon ng Tabacao ay dating kilala sa pangalang Putting Kahoy. And dating palatandaan ng nayon ay isana malaki at mataan na puto ng dita na matatanaw mula sa agwat ng sampung kilometro sa buong paligid. Puti ang katawan ng nasabing puno ng dita kaya't "PUTTING KAHOY" kung yaon ay tawagin ng mga unang naghawan sa kagubatan ng Tabacao.

Mga Ilocano ang unang nanirahan sa Tabacao na nagmula sa Paoay, Batac at Santa, Ilocos Norte, sa Tayug at San Quintin, Pangasinan sa Camiling, Tarlac at sa bayan ng Sto. Domingo na kinabibilangan nina Agustin Antonio, Mariano Antonio, Santiago Antonio, Marcelino Macapagal, Estanislao Balbido, Pedro Clemente, Diego Clemente, Fortunato Vite, Apolonio Vite, Francisco Bacolores, Patricio Agustin, Gervacio Marcos, Ancieto Corpuz, Mariano Garcia, Perfecto Garcia, Magno Grospe, Damian Alejo, Efipani Grospe, Crisanto Bacolores, Mariano Quitan, Donato Quitan, Dionisio Balbido, Alberto Balbido, Vicente Balbido, Nicolas Martin, Doroteo Martin, Gabriel Corpuz, Atrocos Quitan, Leon Talaro, Anastacio Herrera, Placido Corpuz at Juan Viernes. Namumuwisan sila sa simula kay Don Gabriel Llamas ang unang may – ari ng pinakamalaking hasyenda sa bayan ng Talavera.

Noong 1920 ay ipinagbili ni Don Gabriel Llamas ang hasyenda kina Kapitan Pepe De Leon at Don Andres Jacinto. Ang Lahat ng mga bukirin sa dakong hilaga ng Ilog Talavera at sa nasasakupan ng mga nayon ng Campos, Burnay ar Valle ay angina Pag – aari ni Kapitan Pepe samantalang ang lahat ng nasa dakong timog ay napapunta kay Don Andres. Anf nagging halaga ng bilihan ay dalawampu at limang piso isang ektarya.

Nang dalawin ni Kapitan Pepe ang hasyendang kanyang nabili ay nakita niyang maraming nakaposisyong magho – homestead na ayaw kumilala sa kanyang karapatan bilang bagong may – ari. Nagkaroon ng uto ang Hasyenda na sila ay pinaalis, subalit patuloy na sinasabi ng mga magsasaka na sila ang mga kawal Konstabularyo at sa tulong ng mga Tabacao at Sicsican Matanda ay sapilitang pinaalas ang mga nagho – homestead sa pamamagitan ng pagwasak sa kanilang mga tahanan.

Ang unang namatnugot sa nayong bilang Tinyente del Baryo ay si Gervasio Marcos. Tumawag siya ng pulong at pinag – usapan nilang baguhin ang pangalang Putting Kahoy. Iminungkahi niyang isunod sa ngalan ng bagong may – ari ng hasyenda ang pangalan ng kanilang nayon. Subalit ang lahat ng kanyang mga kaharap ay nagkaisang "TABACAO" ang siyang ipangalan sapagkat yaon ang lalong nababagay. Ang salitang "TABACAO" ay nagmula sa pinagsamang unang pantig ng salitang – ugat at dalawang huling pantig ng mga salitang "MATATABANG BACAO". Dating maraming ibong humahapon sa matataas na duklay ng mga punongkahoy sa Tabacao na kung tawagin ay "BACAO". Matataba ang mga ibong iyon na nababaril ng mga dayuhang namamaril buhat sa Kabanatuan at Gapan. Ang isinunod san gal ki

Kapitan Pepe ay ang kanilang Patrong Pinatakasi – si San Josef at ang San Jose Elementary School – ang kanilang paaralang nayon.

## DEMOGRAPHIC PROFILE

Total Population - 3,665
- Male - 1,845
- Female - 1,820

Household - 796
No. of Families -
Dialect

| | | | |
|---|---|---|---|
| Tagalog | - 1,972 | Tagalog/ Ilokano | - 1,657 |
| Ilocano | - 0 | Tagalog/ Bisaya | - 262 |
| Kapampangan | - 1 | Tagalog/ Kapampangan | - 2 |
| Bisaya | - 4 | Tagalog/ Pangasinense | - 2 |
| Others | - 0 | | |

## AGRICULTURE

| Palay | Area (Has) | Ave. Production (Cav.) | Farm Income (Php) |
|---|---|---|---|
| **Main Crop** | 371.9 | 32,803 | |
| **Second Crop** | 371.9 | 47,438 | |
| **Third Crop** | - | - | |
| **Total** | 743.8 | 80,241 | |

## INFRASTRUCTURES/UTILITIES

- School

| Schools (Public) | Name of School |
|---|---|
| High School | Tabacao National High School |
| Elementary | San Jose Elementary School |
| Day Care Center | St Joseph Day Care Center |

- Health Center

| Health Center | Name of Center |
|---|---|
| Public | Tabacao Health Center and Birthing Station |

- Facilities/ Utilities

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Barangay Hall** | √ | **Barangay Nursery** | - |
| **Barangay Stage** | √ | **Barangay Bridge** | √ |
| **Barangay Plaza** | √ | **Barangay Market** | √ |
| **Barangay Gymnasium** | √ | **Barangay Cemetery** | √ |
| **Barangay Solar Dryer** | √ | **Irrigation Facilities/Dams** | √ |
| **Barangay Basketball Court** | √ | **Barangay Chapel/ Church** | √ |

# LOCAL GOVERNMENT ADMINISTRATION

Apollo V. Manuel
**Brgy. Captain**

**Brgy Councilors**

Reymond B. Herrera
Romeo O. Avila
Reynaldo R. Juan
Gloria S. Manuel
Dominador V. Arcenias
Analie S. Marcelo
Domingo L. Subido

Cladine Patrique Herrera
**SK Chairperson**

**SK Councilors**

Lexter Clemente
Jeremy Dela Cruz
Froilan Gabriel
Rose Ann Ontalan
Robert Gamay Jr.
Christopher Avila
Michael Garingo

**Brgy. Secretary** - Gerardo Reyes
**Brgy. Treasurer** - Mario Ignacio

Rafael Layos
**Chief of Brgy Tanod**

**Brgy Tanods**

Francisco Lutan Jr.
Anselmo Verganos
Mario Solomon
Ireneo Urmatan
Phil Constri Aquino
Teresito Valentino

Alex Vergaras
Efren Macrilay
Ruben Auyan
Alex Ferrer
Felipe Barba Jr.
Marcello Sanchez

Pedencio Balbido
Rufino Verayo
Bienvenido Rirao
Rene Pinca
Pedro Urmatan
Mar Verganos